



Republic of the Philippines
Province of Nueva Ecija
MUNICIPALITY OF GUIMBA



oOo

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG GUIMBA, NUEVA ECIJA, NOONG IKA-05 ng Oktubre, 2009 NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG GUIMBA, NUEVA ECIJA.

MGA DUMALO:

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN	Vice Mayor and Presiding Officer
KGG. GAVINO M. LACSON, JR.	SB Kagawad
KGG. ERWIN J. MATEO	SB Kagawad
KGG. ARI VERGIL P. FABROS	SB Kagawad
KGG. EDGARDO P. MANGALINO	SB Kagawad
KGG. PEDRO M. ESTABILLO	SB Kagawad
KGG. PEDRO G. CABATBAT	SB Kagawad
KGG. LINO G. PADRE JR.	SB Kagawad
KGG. MELCHOR L. ESQUIVEL	SB Kagawad
KGG. LEONARDO DC. GARCIA	ABC President
KGG. ATHENA ROXANNE A. GRAGASIN	SK Fed. President

A.PAGBUBUKAS NG PULONG:

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN
Presiding Officer

Binuksan ang pulong sa ganap na ika-9:03 ng umaga.

B.PANALANGIN:

Ang maensahe at panalangin ay pinangunahan ni Pastor EMMANUEL SIBUG, Ministro, Bible Baptist Church.

C.PAMBANSANG AWIT:

Ang pambansang awit ay pinangunahan ni Gng. GEMMA DC. BAUTISTA.

D.PAGTIYAK SA MGA DUMALO:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Sa pagkakataong ito ay kumpleto po tayo, wala pong absent, kaya tayo po ay may sapat na bilang sa ating pagpupulong. Tayo po'y dadako na sa pagpapatibay sa nakaraang katitikan.

E.PAGPAPATIBAY SA NAKARAANG KATITIKAN:

KGG. LINO G. PADRE JR. - Mr. Chairman
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Kgg. Padre
KGG. LINO G. PADRE JR. - Yagamang wala nang puna sa nakaraang katitikan ay iminumungkahi ko na ito'y atin nang pagtibayin
KGG. PEDRO G. CABATBAT - Pinapangalawahan ko po
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Sa mungkahi ng Kgg. Padre na pinapangalawahan ng Kgg. Cabatbat ay atin pong pinagtitibay ang nakaraang katitikan.

F.MALAYANG TALAKAYAN/ORAS NG PAGTATANONG:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Tayo po'y dadako na sa Malayang Talakayan at Oras ng Pagtatanong.
KGG. MELCHOR L. ESQUIVEL - Mr. Chairman
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Kgg. Esquivel

KGG. MELCHOR L. ESQUIVEL - Nais ko lang pong ipaalala, sa pag-approved sa budget ng 2010 na tatlong (3) karaniwang ma-maintain na pondo sa bawat munisipyo o LGU

- 1) General Fund--- Taun-taon natin naireview at pinagtitibay sa pamamagitan ng Resolution at Appropriation Ordinance. Dumadaan ito sa iba't-ibang proseso sa tulong ng mga Department Heads lalo na ang Municipal Budget Officer.
- 2) Trust Fund--- Napapaloob sa Gen. Fund bilang Trust Liabilities subalit nakahiwalay ang pondo at di dapat gmitin sa ibang gastusin maliban lang sa pinaglalaanan dahil nakalagak lang sa ating pamahalaan. Paalala lang sa atin na inaasahan ng bawat barangay ang 25% share na RPT nila na ipinangako n gating Municipal Treasurer at Punong-Bayan na pilitin ipagkaloob bago matapos ang taong ito.
- 3) SEF o Special Education Fund---Katulad din ito ng Trust Fund na di dapat galawin maliban sa pinaglalaanan hinggil sa programa sa edukasyon. Dinodoble ang assestment sa Real Property Tax (RPT) at ang kalahati ay nagiging pondo na SEF maliban pa sa beginning balance o nagastos sa pondo noong nakarang taon na kung saan susumahin ay aabutin din ng milyon. Hiwlay ang accounting nito tulad ng General Fund at Trust Fund. Kung di ako nagkakamali ay ang LSB o Local School Board ang nangangasiwa sa paghahanda ng Budget nito taon-taonsa pamamagitan ng dalawang (2) nating Supervisors na aprobahan ng majority vote ng lahat ng miyembro na LSB sa kinabibilangan ng mga sumusunod:
 - Chairman --- Municipal Mayor
 - Co-Chairman --- District Supervisor of Schools
 - Member ---
 - 1) Chairman of Education-Committee of the SB
 - 2) Municipal Treasurer
 - 3) SK Federation President
 - 4) President of Municipal Federation of PTA
 - 5) Representative of Teachers Organization in the Municipality (if any)
 - 6) Representations of the Non-Academic Personnel of Public Schools in the Municipality (if any)

Sila ay dapat nagmimiting once a month o mas madalas kung kinakailangan. Marahil ay nagtataka kayo kung bakit dinidatya ko ang SEF gayong alam ko na alam nyo rin ito, subalit bilang dagdag kaalaman at impormasyon hinggil ditto ay nais kong ibahagi ang ilan sa mga reklamo ng mga ayaw magpakilalang guro sa takot mapag-initan

--- Napansin nila minsan na ang kanilang Principal ay may Voucher ng SEF subalit ayaw ipalakad sa kanila o kanilang secretary na nagkakahalaga ng humigit kumulang isang daang libong piso (P100,000.00) na napag-alaman din nilang nakubra na subalit wala silang nakitang proyekto o ipinagawa man lang sa kanilang paaralan

--- Madalas dawn a yung malapit lang sa Supervisors ang nakaka-request ng pondo at di man lang naaambunan ang mga karaniwang guro at malalayong paaralan

--- Meron daw silang pondo sa SEF subalit kadalasan ay sa Mayor's Office o Vice Mayor's Office o mda SB sila humihingi ng pondo tulad sa pagpapapintura ng classroom o iba't-ibang kailangan ng paaralan nila sa kagustuhan mapaganda ito.

--- Di daw ba dapat nalalaman din ng mga guro kung saan napupunta ang pondo ng SEF? Karapatan din daw nilang malaman kung may proyektong naipagawa o kung anuman ang pinagkagastusan ng SEF

--- Pano daw ba pinaghahati-hati ang pondo ng SEF na ayon sa Accounting Office ay umabot din ng milyon, magkano napupunta sa Guimba East District, West District at sa mga national High Schools at iba pa

--- Paano daw mag-request ng pondo ang karaniwang guro at kung sino ang dapat lapitan? Tulad sa mga pangangailangan nila sa mga palaro, boy scouts/girl scouts activities, trainings & seminars, etc

Ilan lamang po, ito sa mga hinaing at katanungan ng mga guro na dapat siguro nating bigyan ng kasagutan at kung kinakailangan ay imbestigahan. Mukang wala rin silang TRANSPARENCY AT CHECK AND BALANCE na madalas kong ipinaaalala ko sa lahat.

Iminumungkahi ko sa kapulungang ito na gawan natin ng atensiyon ang bagay na ito bago tuluyang mahuli ang lahat at lumabas tayong kahiya-hiya lalo ang buong bayan pagnagkataon.

Ito lang po Mr. Chairman at maraming salamat!

KGG. LEONARDO DC. GARCIA - Mr. Chairman

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Kgg. Garcia

KGG. LEONARDO DC. GARCIA - Gusto ko lang pong liwanagin ang sinabi ni kasamang Esquivel parang ito po ay isang pahatid liham, may hinaing po siguro ito ng ilan sa ating mga guro, paano po natin eentertainin yan kung ayaw magpakilala, hindi po natin dapat ientertain kung ayaw magpakilala. yan lang po Mr. Chairman.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Meron pa bang nais magsalita, kung wala na ay dumako na tayo sa susunod na paksa.

G. MGA PAKSA SA UNANG PAGBASAS:

- SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ** - Mga Paksa sa unang pagbasa
- 1) Pagpapatibay ng Sangguniang Bayan sa Napagtibay na kautusan Blg. 1,2,3,4 Serye ng 2009, ng Sanggunia Barangay ng Tampac II-III
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Atin pong ipapasa sa Committee on Rules and Barangay Affairs na pinamumunuan nina Kgg. Padre at Kgg. Garcia, ang pagpapatibay ng Sangguniang Bayan sa napagtibay na Kautusan 1,2,3,4 Serye ng 2009 ng Sangguniang Barangay ng Tampac II-III.
- SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ** - Ang pangalawa po ay Kapasyahan/Ordinansa na Naglalayong ipagbawal sa mga establisimyentong katulad ng restaurant, ihaw-ihaw, karinderia, at iba pang may kakahalintulad na uri, ang magpa-table ng mga babae sa mga tumatangkilik o "customer" nito na nagiging "front" ng prostitusyon. Ang proponent po nito ay si Kgg. Lino G. Padre Jr.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Atin pong ipapasa sa Committee on Rules Kgg. Padre ang tungkol dito sa Kapasyahan/Ordinansa na nalalayong ipagbawal sa mga establisimyentong katulad ng restaurant, ihaw-ihaw, karinderia, at iba pang may kakahalintulad na uri, ang magpa-table ng mga babae sa mga tumatangkilik o "customer" nito na nagiging "front" ng prostitusyon.
- SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ** - Ang pangatlo po ay Resolution for Approval of Annual Investment Plan (AIP) for 2010 of the Municipality of Guimba, Nuva Ecija.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Atin pong ipapasa sa Committee On Finance Kgg. Lacson ang resolution for Approval of Annual Investment Plan (AIP) for 2010 of the Municipality of Guimba, Nueva Ecija.
- SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ** - Local Development Investment Program (LDIP) for 2010-2014 of the Municipality of Guimba
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Atin pong ipapasa ang LDIP for 2010-2014 of the Municipality of Guimba, Nueva Ecija sa Chairman ng Finance Kgg. Lacson at infrastructure Kgg. Mateo
- SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ** - Ang susunod po ay isang resolution/ordinansa na naglalayong lagyan ng katagang "Private Use Only" ang lahat ng tricycle na hindi ginagamit na pamasada o gamit pamribado, bago mapagkalooban ng plaka na may nakasaad na katagang nabanggit. Ang proponent po nito ay si Kgg. Cabatbat.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Atin pong ipapasa ang resolution/ordinance na naglalayong lagyan ng katagang "Private Use Only" ay ating ipapasa sa Chairman ng Transportation Kgg. Cabatbat.
- SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ** - Kapasyahang naglalayong maglagay ng Billboard tungkol sa schedule ng paghahakot ng basura sa apat (4) na distrito ng Bayang Guimba. Ang proponent po nito ay si Kgg. Lacson.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Atin pong ipapasa ang Kapasyahang naglalayong maglagay ng Billboard tungkol sa schedule ng paghahakot ng basura sa apat (4) na distrito ng Bayang Guimba, sa Chairman Kgg. Lacson ng ENRO.
- SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ** - Kapasyahang nalalayong ihiwalay ang nabubulok at di-nabubulok na basura ng mga Market stall owners sa pamilihang bayan. Ang proponent po nito ay si Kgg. Lacson
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Atin pong ipapasa ang Kapasyahang naglalayong ihiwalay ang nabubulok at di-nabubulok na basura ng mga Market Stall owners sa Chairman ng Committee on Environment Kgg. Lacson
- SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ** - Kapasyahang naglalayong gawin nang isang pambayang tanggapan ang (MENRO) at tuluyang ihiwalay na sa Municipal Agricultural Office. Ang proponent po ay si Kgg. Lacson
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Ating ipapasa ang kapasyahang gawin ng isan pambansang tanggapan ang (MENRO) sa Chairman ng ENRO, at Kgg. Lacson at Chairman ng Economic Enterprises Kgg. Cabatbat

H. PAG-UULAT NG MGA KUMITE:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ	-	Tayo'y dadako na sa pag-uulat ng mga kumite
KGG. GAVINO M. LACSON JR.	-	Mr. Chairman
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN	-	Kgg. Lacson
KGG. GAVINO M. LACSON	-	Kung wala na pong nais mag-ulat ay baka puwede na tayong dumako sa susunod na paksa
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN	-	Dumako nap o tayo sa susunod na paksa

I. MGA DI NATAPOS NA GAWAIN:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ	-	Tayo po'y dadako na sa mga Di Natapos na Gawain.
1) Claim for delayed payments of Airline Tickes and Hotel Accomodations in the amount og P83,000 more or less from Mrs. Mariejo S. Dee		
KGG. LINO G. PADRE JR.	-	Bago po i-suspend ang rules maaari po bang malaman kung nakadalo ang mga inimitahan?
SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ	-	Kgg. Padre narito po ang ilan, ang ilan naman ay may excuse lette, subalit meron po silang kinatawan na pinadala.
KGG. LINO G. PADRE JR.	-	I move for the suspension of the rules
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN	-	Rule suspended

9:25 AM ---- RULES SUSPENDED

Sa tagpong ito ay tinanong ng mga kagalang-galang ang mga SK Chairmen, si Gng. Mariejo S. Dee at iba pa tungkol sa paksang ito.

Napagkaisahan na gawin na lang ang pag-aayos sa ika-11 ng Oktubre, 2009 sa ganap na ika-2 or 3 ng hapon, kasama ang Committee On Finance at ang Kgg. SK Gragasin

9:45 AM --- Resumption of the rules

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ	-	Pag-anyaya sa pangulo ng samahan ng mga palay-rice traders sa bayan ng Guimba, na ginagamit ang pampublikong lansangan sa pagbibilad ng palay
KGG. LEONARDO DC. GARCIA	-	Hindi na po yata natin dapat pang isinama ito sa agenda dahil sa pagkakaalam ko ang Hepe na po ng PNP ang siyang magpapaimbita sa kanila. Si Hepe po yata ang magpapatawag ng meeting sa mga palay traders sa ABC Hall po ang venue.

J. PAHATID LIHAM:

WALA PONG NAKATALA

K. URGENT MEASURE:

WALA PONG NAKATALA

L. MGA PAKSA SA IKALAWANG PAGBASAS:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ	-	Resolution Implementing SB resolution requesting all educational institutions public or private to sing Guimba Hymn in their lag raising ceremonies
KGG. LINO G. PADRE JR.	-	Mr. Chairman, yayamang ang sanggunian ay nagkaroon ng resolution tungkol dito at ito ay nararapat lamang ipaawit, iminumungkahi ko na ang kapasyahang naglalayong awitin ang Himno ng Guimba sa lahat ng mga paaralan sa panahon ng flag raising ceremony ay dalhin na sa ikatlong pagbasa.
KGG. PEDRO M. ESTABILLO	-	Pinapangalawahan ko po.
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN	-	Sa mungkahi ni Kgg. Padre na pinangalawahan ni Kgg. Estabillo ay ating pinagtitiyay na ang pag-awit ng Himno ng Guimba sa lahat ng mga paaralan sa panahon ng flag raising ceremony na mailagay sa pangatlong pagbasa.
SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ	-	Administrative Case No. 06-09 – reklamo ng mga concerned citizen ng Brgy. Bantug, laban kay Punong Brgy. Cruzaldo Rombaoa at iba pa.
KGG. LINO G. PADRE JR.	-	Mr. Chairman
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN	-	Kgg. Padre
KGG. LINO G. PADRE JR.	-	Yayamang ang inihain ng mga concerned citizen ng Bantug laban sa kanilang Punong-barangay Cruzaldo Rombaoa, matapos ang mahabang imbestigasyon nagkaroon po ng desisyon ang Committee na reprimand sa hindi pagdalo ng tatlong (3) beses sa committee hearing at ang hindi pang-conduct ng sesyon. Inaatasan din po ang Punong-bayan na magtakda ng sesyon tuwing ika-talong Sabado ng buwan, ito'y bahagi lamng ng desisyon na may tatlong pahina, hinihiling ko po ang desisyon ng bawat isa.

- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Sa nabanggit ni Kgg. Padre may tutol po ba na hingan ng kani-kaniyang opinion ang bawat isang Sangguniang Bayan. Umpisahan natin kay Kgg. Lacson
- KGG. GAVINO M. LACSON JR.** - Ayon po sa joint committee report on rules and Brgy. Affairs, isang Administrative Complaint filed by concerned citizens ng Brgy. Bantug against Brgy. Capt. Cruzaldo Romboao, at ayon pos a aking karanasan tungkol sa mga kaso, ako po'y magpapaliwanag at sana maunawaan tayo na sang-ayon sa naging desisyon ng joint committee na unanimously recommended to be dismissed for lack of merit and joint committee, likewise recommends that Brgy. Capt. be meted a disciplinary penalty of Reprimand. Ayon po sa aking karanasan dahil sa majority ang decision at kahit na din po sa korte ay hindi na po marereverse sa disciplinary penalty na reprimand. Subalit, sa dahilan po na ang mga concerned citizen ay umapela at nakakalap ng tinatawag na additional evidence na kailangan po sa tinatawag nating "due process of law" ay dapat na magkaroon muli ng public hearing. Bahala na po ang chairman ng rules na pinamumunuan ni Kgg. Padre at ng mga miyembro na i-schedule muli ang pagdinig sa kasong ito sa lalong madaling panahon para matapos na po ito, yun lang po Mr. Chairman.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Salamat Kgg. Lacson, Kgg. Mateo.
- KGG. ERWIN J. MATEO** - Sinasang-ayunan ko po ang desisyon na reprimand na hatol ng Committee on Rules at Brgy. Affairs dahil hindi naman po gaano mabigat ang kasalanan ni kapitan.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Salamat Kgg. Mateo, Kgg. Fabros.
- KGG. ARI VERGIL P. FABROS** - Ako po bilang miyembro ng committee on rules, Yung unang inihaing reklamong kaso ng Concerned Citizen ng Bantug, ako po ay boto na patawan ng reprimand ang kapitan, kami po ay nagpipilit na maging patas at hindi bias sa isyung ito. May pangalawang reklamo po ang mga complainant at meron pong ebidensiya, makakaasa po kayo tungkol dito.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Salamat Kgg. Fabros, Kgg. Esquivel.
- KGG. MELCHOR L. ESQUIVEL** - Good morning po!, bilang member ng committee on rules ako po'y sang-ayon sa reprimand, ganunpaman sa pangalawang reklamo ay magiging patas, kung anuman ang ebidensiya ay doon po kami magbabase ng desisyon.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Salamat Kgg. Esquivel, Kgg. Estabillo.
- KGG. PEDRO G. ESTABILLO** - Ako po ay sang-ayon sa naging desisyon ng rules, nakita po naming ang kakulangan ng dokumento pero dito po sa pangalawang kaso ay gagawin namin ang aming makakaya.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Salamat Kgg. Estabillo, Kgg. Mangalino.
- KGG. EDGARDO P. MANGALINO** - Base po sa naging desisyon ng committee, ang Sangguniang Bayan ay bumabase po sa mga dokumento at ebidensiyang naihahain kasama ng sinumpaang salaysay, at nakakalungkot lang po dahil sa mga nakaraang mga pagdinig ng pinagsamang komite ay ni isang papel ay walang napatunayan, wala po kasing ebidensiyang nagpapatunay sa mga akusasyon at hindi po pwedeng humatol ang Sanggunian ng pabor o hindi sa kahit kanino kung wala namang sumusuportang ebidensya dun sa alegasyon. Sa Amerika po kasi ay Ebidensiya muna ang hinahanap at ipiniprisinta at susunod pa lang ang akusasyon kaya po ang mga akusado ay nagplea-plead na agad ng guilty dahil nauna na ang ebidensya at hindi na maaaring pasinungalingan pa ang reklamo dahil nauna na ang katibayan, kaya sang-ayon po ako sa reprimand.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Salamat Kgg. Mangalino, Kgg. Cabatbat.
- KGG. PEDRO P. CABATBAT** - Ayon po sa isinumiteng unang reklamo, kulang po sa merito ang isinampa, kagaya nga po ng sinabi ni Kgg. Lacson sa pangalawang isinumite ay ating gagawin ang ating makakaya para matapos at maiayos na ito.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Salamat Kgg. Cabatbat, Kgg. Garcia.
- KGG. LEONARDO DC. GARCIA** - Hindi po kasi natin pwedeng husgahan ang isang inirereklamo nang walang sapat na ebidensiya, ito po sana ay magsilbing aral sa nagrereklamo, walang nakitang matibay at sapat na ebidensiya. Kaya nagdesisyon kami ng reprimand dahil baka naman kami ang balikan ng nagrereklamo. May mga tanong po kasi kayo na hindi namin kayang sagutin at ibigay dahil hindi po kami ang dapat mag-produce ng mga ebidensiya laban sa inirereklamo, meron pong mga tamang ahensiya ng gobyerno na dapat kuhanan ng kinakailangang mga dokumento at ebidensiya. Ang Nagrereklamo po kasi ang dapat magpatunay sa kanilang akusasyon at hindi ang Sanggunian o ang inirereklamo. At kung meron man ay dun kami babase. Sang-ayon po ako sa reprimand, kasama din po sa rekomendasyon na Inaatasan ang Puongbarangay na mag- pa Barangay Assembly sa darating na sabado, yun lang po Mr. Chairman.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Salamat Kgg. Garcia, Kgg. Gragasin.
- KGG. ATHENA ROXANNE GRAGASIN** - Ako'y sang-ayon din po sa reprimand dahil kulang po ang ebidensiya ng mga concerned citizen ng Bantug.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Atin pong napakinggan ang ating mga kasama...
- KGG. LINO G. PADRE JR.** - Yamang napakinggan na po natin ang EN-BANC, ang desisyon na reprimand ay iminumungkahi ko na ilagay sa pangatlong pagbasa.
- KGG. LEONARDO DC. GARCIA** - Pinapangalawahan ko po

- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Sa mungkahi ni Kgg. Padre na pinangalawahan ni Kgg. Garcia, ay ating pinagtitibay na mailagay na sa pangatlong pagbasa ang Administrative Case No. 06-09 reklamo ng mga concerned citizen ng Brgy. Bantug, laban kay Punong Brgy. Cruzaldo Rombaoa at iba pa.
- KGG. LINO G. PADRE JR.** - Bago po i-suspend ang rules, ito pong isang reklamo in the form of Sinumpaang Salaysay tinatanggap po ng rules. Ayon po sa Rules ay mayroong 15 days ang mga inihahabla upang sagutin ito.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Ang may reklamo ay si Kagawad Taniza. Kagawad Rosalinda de Leon, at Kagawad Jardines.
- KGG. LINO G. PADRE JR.** - I move for the suspension of the rules.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Motion granted
- 10:10AM --- RULE SUSPEND
Nagsasalita po si Gng. Bernabe
- 10:30AM --- RESUMPTION OF THE RULE
- GNG. CINENSE** - Do we have the right to express our side and feelings regarding your decision?
- KGG. ARI VERGIL P. FABROS** - Alam po natin na lahat tayo ay malayang mag-express, kung gusto nyo po sa other matters na lang natin pag-usapan
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Maupo muna kayo at sa other matters po kayo magsalita

M.MGA PAKSA SA IKATLONG PAGBASA:

WALA PONG NAKATALA

N.IBA PANG TALAKAYIN:

- SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ** - Tayo po'y dumako na sa iba pang Talakayin.
- KGG. LINO G. PADRE JR.** - I move for the suspension of the rules.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Motion granted
- 10:31am --- RULES SUSPENDED
Nagsasalita po ang mga concerned citizen ng Bantug tungkol sa naging hatol tungkol sa kanilang habla.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Bago natin itindig ang pulong may nais yatang sabihin si Hepe. Meron bang gustong magsalita sa request ng ating Hepe.
- KGG. EDGARDO P. MANGALINO** - Kailangan na mabigyan natin sila ng pondo
- KGG. GAVINO M. LACSON JR.** - Kausapin kung may Budget na maibibigay sa police, kukunin sa pondo ng SB, pati sa pondo ng Mayor.
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Within this month lahat ng request ng PNP sa SB ay tutugunan.

O.PAGTITINDIG NG PULONG:

- KGG. LEONARDO DC. GARCIA** - Iminumungkahi ko po ang pagtindig ng pulong
- MG KAGALANG-GALANG** - Pinapangalawahan po namin
- KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN** - Atin na pong itinitindig ang pagpupulong

Pagtitindig ng Pulong --- 11:28AM

INIHANDA NI:

JOEL P. ENRIQUEZ
SB Secretary

PINATOTOHANAN:

Kgg. ROSELLER T. DE GUZMAN
Municipal Vice Mayor & Presiding Officer